



Tulong na Pang-imigrasyon

Mga tanong at sagot tungkol sa kung paano makakahingi ng lehitimong tulong — at mula kanino.

- Kailangan kong malaman kung aling mga form para sa imigrasyon ang gagamitin
- Kailangan ko ng mga form para sa imigrasyon.
- Kailangan ko ng tulong sa pagsagot sa aking mga form para sa imigrasyon.
- Sino ang makakatulong sa akin sa pagsagot sa aking mga form?
- Kailangan kong malaman kung nasa USCIS ang aking mga form.
- Kailangan ko ng isang taong makikipag-usap sa USCIS sa ngalan ko. Ang tawag dito ng USCIS ay ang "kumakatawan" sa akin.
- Nakatanggap ako ng "Abiso upang Humarap" ("Notice to Appear") bilang bahagi ng mga paglilitis kung paaalisin o mananatili sa Estados Unidos.
- Mukhang na-scam ako. Paano ko malalaman ang tungkol sa aking katayuang pang-imigrasyon?
- Nais kong iulat ang isang scam sa imigrasyon.
- Narito ang kung sino ang makakatulong sa iyo, at kung paano sila mahahanap

Kailangan kong malaman kung aling mga form para sa imigrasyon ang gagamitin.

Pumunta sa www.uscis.gov - ito ang website ng Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon sa Estados Unidos (US Citizenship and Immigration Services). Sa kaliwang panig ng screen matatagpuan ang kahong "Hanapin Agad" ("Find it Fast"). I-click ang mga drop-down menu upang mahanap ang mga form na kailangan mo.

Kung hindi ka pa rin sigurado kung aling form ang kailangan mo, maaaring kailanganin mong humingi ng tulong mula sa isang abogadong pang-imigrasyon o iba pang taong awtorisadong tumulong sa iyo.



Kailangan ko ng mga form para sa imigrasyon.

Magagawa mo ito nang mag-isa. Ang lahat ng form na kailangan mo ay libre. Maaari mong:

- i-print ang mga ito mula sa www.uscis.gov/forms
- i-order ang mga ito sa pamamagitan ng telepono: 1-800-870-3676
- o bumisita sa iyong [lokal na tanggapan ng USCIS](#)

Huwag na huwag magbabayad para sa mga blangkong form ng gobyerno. Laging libre ang mga ito, bagaman maaari kang magbayad kapag isusumite mo ang mga ito sa USCIS.

Kailangan ko ng tulong sa pagsagot sa aking mga form para sa imigrasyon.

Makakatulong sa iyo ang sinuman sa paglagay ng impormasyon sa iyong mga form para sa imigrasyon. Ang mahalaga ay ang taong ito – isang kaibigan, ang iyong pastor, isang guro, isang kamag-anak – ay dapat lamang isulat o isalin ang sinasabi mo sa kanyang gawin. Hindi ka maaaring payuhan ng tumutulong sa iyo ng kung anong ilalagay. Maaaring magdulot iyon sa iyo ng mga problema sa kalaunan. Kung kailangan mo ng payo, siguraduhing kinukuha mo ito mula sa mga taong awtorisado ng gobyerno ng Estados Unidos upang tulungan ka.

Maaaring magpataw ng maliit na singil ang isang tagasalin sa wika sa pagsasalin ng iyong impormasyon. Tandaang huwag na huwag babayaran ang mga form.

Sino ang makakatulong sa akin sa pagsagot sa aking mga form?

Makakatulong ang isang abogado o isang kinikilalang kinatawan mula sa listahang pinananatili ng Lupon ng mga Apelang Pang-imigrasyon (Board of Immigration Appeals, BIA). Ang paghingi ng tulong mula sa isang taong hindi kuwalipikadong magbigay sa iyo ng legal na payo – gaya ng isang *notaryo* – ay maaaring mas malala kaysa hindi paghingi ng tulong. Minsan, kahit ang payo mula sa isang kaibigan na may mabuting layunin ay makakasama sa iyong katayuang pang-imigrasyon. Kung



kailangan mo ng payo o tulong, hingin ito mula sa isang taong awtorisado ng gobyerno ng Estados Unidos upang matulungan ka.

Kailangan kong malaman kung nasa USCIS ang aking mga form.

Makakakuha ka ng resibo mula sa USCIS kapag isinumite mo ang iyong dokumento. Itabi ito! Pinatutunayan nitong natanggap ng USCIS ang iyong aplikasyon o petisyon. Kakailanganin mo ang resibo upang matingnan ang katayuan ng iyong aplikasyon.

Maaari mong tingnan ang katayuan ng iyong aplikasyon sa www.uscis.gov, o tumawag sa Pambansang Tanggapan ng Serbisyo sa Kostumer ng USCIS (USCIS National Customer Service Center): 1-800-375-5283

Kailangan ko ng isang taong makikipag-usap sa USCIS sa ngalan ko. Ang tawag dito ng USCIS ay ang "kumakatawan" sa akin.

Maaari kang makipag-usap para sa iyong sarili. Maaaring hindi mo kailangan ang isang taong kakatawan sa iyo. Hindi ito kinakailangan. Kung gusto mong may kumatawan sa iyo, kailangan mo ang isang taong awtorisado ng USCIS na kumatawan sa iyo. **Ang mga abogado at kinikilalang kinatawan lamang ang maaaring magpataw ng singil upang tulungan ka.**

Nakatanggap ako ng "Abiso upang Humarap" ("Notice to Appear") bilang bahagi ng mga paglilitis kung paaalisin o mananatili sa Estados Unidos.

Maaaring tumulong sa iyo ang isang abogado o isang kinikilalang kinatawan.

Maaaring na-scam ako. Paano ko malalaman ang tungkol sa aking katayuang pang-imigrasyon?

Alamin sa USCIS.



FEDERAL TRADE COMMISSION PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

Maaari mong alamin ang iyong katayuan online sa www.uscis.gov. Ilagay ang numero ng iyong resibo sa kahong "Katayuan ng Kaso" ("Case Status") sa kaliwang panig ng webpage.

Kung wala kang numero ng resibo, magpa-appointment sa iyong lokal na tanggapan ng USCIS. Maaari mong gawin iyon sa dalawang paraan:

- Pumunta sa www.infopass.uscis.gov.
- Tumawag sa Pambansang Tanggapan ng Serbisyo sa Kostumer ng USCIS (USCIS National Customer Service Center): 1-800-375-5283.

Nais kong iulat ang isang scam sa imigrasyon.

Ilegal ang [mga scam sa imigrasyon](#). Kung ikaw o ang isang taong kilala mo ay nakakita ng scam sa imigrasyon o naging biktima nito, mahalagang iulat ito sa Pederal na Komisyon ng Kalakal (Federal Trade Commission, FTC) o sa pangkalahatang abogado (attorney general) ng iyong estado. Pumunta sa ftc.gov/complaint (o tumawag sa 1-877-382-4357) o i-click ang mapa sa naag.org upang malaman kung paano makipag-ugnay sa pangkalahatang abogado (attorney general) sa iyong estado. Hindi nilulutas ng FTC ang mga indibidwal na reklamo. Sa halip, inilalagay ng FTC ang mga reklamo sa isang ligtas na online database na ginagamit ng tagapagpatupad ng batas sa buong mundo, kabilang ang maraming pederal, pang-estado at lokal na opisyal, na nakikita ang mga kalakaran at bumubuo ng mga kaso.

Higit na makakatulong ang iyong ulat kung mas maraming impormasyon ang iyong ibibigay sa taong mag-iimbestiga. Magpapasalamat ang mga imbestigador sa maraming impormasyon na kumportable kang ibigay.

Narito ang kung sino ang makakatulong sa iyo, at kung paano sila mahahanap

Maaaring magbigay sa iyo ng payo ang mga **abogado** at kumatawan sa iyo. Ang mga abogado, na tinatawag ding mga atorni, ay dapat maging miyembro ng "bar" – ang propesyonal na asosasyon sa kanilang estado. Ang bar association ng estado ay maaaring disiplinahin, suspindihin, o kahit patalsikin ang isang abogado sa paglabag sa mga patakaran. Siguraduhing ang abogadong pipiliin mo ay may mabuting katayuan sa bar association. Ito ay nangangahulugang hindi sila nasasangkot sa paglabag sa mga patakaran. Maaari kang makahanap ng abogado sa pamamagitan ng mga website na panggobyerno o hindi panggobyerno.



FEDERAL TRADE COMMISSION PROTECTING AMERICA'S CONSUMERS

Upang makahanap ng abogadong pang-imigrasyon hindi nagpapataw ng singil o nagpapataw ng mababang singil:

- Bisitahin ang [listahan ito ayon sa estado mula sa Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos \(U.S. Department of Justice\)](#)
- Tumawag sa USCIS sa 1-800-375-5283 upang magtanong ng tungkol sa mga abogado sa iyong lugar.
- Bisitahin ang [listahan ito ayon sa estado mula sa American Bar Association](#)

Upang humanap ng abogado sa iyong lugar na nagtatrabaho sa imigrasyon:

- Bisitahin ang [listahang ito mula sa Asosasyon ng mga Abogadong Pang-imigrasyon ng Amerika \(American Immigration Lawyers Association\)](#). Maaaring magpataw ng singil ang mga abogadong ito upang tulungan ka.

Upang malaman kung ang isang tao ay abogado, at upang malaman kung ang isang abogado ay nasasangkot sa paglabag sa mga patakaran:

- Bisitahin ang [site na ito mula sa mga Bar Association ng Estado](#). I-click ang iyong estado upang mahanap ang numero ng teleponong matatawagan mo upang magtanong ng tungkol sa partikular na abogado.
- Bisitahin ang Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos (U.S. Department of Justice) para sa [listahang ito ng mga abogadong hindi pinahihintulatang magtrabaho bilang abogado](#).

Ang **mga kinikilalang kinatawan** ay hindi mga abogado, ngunit mga inawtorisahan ng gobyernong magkaloob ng legal na payong pang-imigrasyon. Maaari rin silang kumatawan sa iyo. Ang mga kinatawang ito ay dapat nagtatrabaho para sa isang organisasyong opisyal na kinikilala ng gobyerno ng Estados Unidos. Ang mga kinikilalang kinatawan at mga kinikilalang organisasyong ito ay nasa listahang pinananatili ng Lupon Apelang Pang-imigrasyon (Board of Immigration Appeals, BIA) sa Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice).

Upang makahanap ng kinikilalang kinatawan:

- Bisitahin ang [listahang ito ayon sa estado ng mga kinikilalang kinatawan](#) at mga kinikilalang organisasyon kung saan sila nagtatrabaho. Ang tao lamang, hindi ang organisasyon, ang awtorisadong kumatawan sa iyo. Tingnan ang listahang ito para sa pangalan ng isang taong malapit sa iyo. Ang mga tao sa listahang ito ay mga kinikilalang kinatawan hangga't nagtatrabaho sila sa



organisasyong nasa listahan. Maaari silang magpataw ng singil upang tulungan ka.

May ibang taong awtorisado ng gobyerno upang tulungan ka, ngunit hindi sila maaaring magpataw sa iyo ng singil. Ang mga estudyante ng batas ay maaaring magbigay sa iyo ng legal na payo, kung sila ay pinangangasiwaan ng isang abogado o kinikilalang kinatawan. Ang isang taong maaaring kilala mo sa iyong komunidad, kilala sa USCIS bilang isang "indibidwal na may magandang reputasyon," ang maaaring kumatawan sa iyo, ngunit hindi ka nila maaaring singilin – at kailangan silang pumirma ng isang legal na dokumentong nagsasabing hindi sila tatanggap ng pera mula sa iyo.

Mag-download at mag-order ng mga naka-print na kopya

[Maipi-print na PDF \(205.69 KB\)](#)

[Mag-order ng mga libreng kopya](#)

May tag ng: [imigrasyon](#), [notaryo](#), [scam](#)

Hunyo 2011